



**EPEKTO NG PAKIKINIG NG MUSIKA SA MGA MAG-AARAL SA IKA-APAT
NA TAON NG MATAAS NA PAARALAN NG BALIUAG UNIVERSITY**

Isang pananaliksik na Iniharap sa Kaguruan ng Kolehiyo ng Sining at Agham

Baliuag University

Baliuag, Bulacan

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa mga
Pangangailangan sa kursong Fil 200
Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik

nina

Aljerine D.C Pascua

Dianne Rae O. Manzon

Charis G. Macaraig

Jasmin C. Serrano

Caroline A. Pineda

Carl Isaac M. Fernando

Marso, 2015

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ito'y nagpapatunay na ang pananaliksik na pinamagatang **“EPEKTO NG PAKIKINIG NG MUSIKA SA MGA MAG-AARAL SA IKA-APAT NA TAON NG MATAAS NA PAARALAN NG BALIUAG UNIVERSITY”** inihanda at iniharap ng pangkat ng mga mananaliksik mula sa BS PSY I at BSBA II na binubuo nina:

Aljerine D.C Pascua

Dianne Rae O. Manzon

Charis A. Macaraig

Jasmin Cayte C. Serrano

Caroline A. Pineda

Carl Isaac M. Fernando

Sa pamamagitan nito, ang pananaliksik na ito ay tinanggap bilang bahagi ng pagtupad sa mga pangangailangan sa kursong FIL 200 o ang Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik.

Dr. Estelita C. Joson
Dekana ng Kolehiyo ng Sining at Agham

PASASALAMAT

Lubos na ipinararating ng mga mananaliksik ang taos-pusong pagbibigay kabuluhan at buong pusong pasasalamat sa naiambag at paglalaan ng oras upang maibahagi ang kanilang kakayahan para sa ikatatagumpay ng naturang gawain.

Bb. Yolanda Marfil, Dalubguro ng kursong FIL 200, sa kanyang malaking naiambag sa pamamahagi ng kanyang kaalaman, pagbibigay suporta, sa suhestiyon at mahabang pasensya sa pagsasaayos ng nasabing pag-aaral.

Dr. Estelita C. Joson, Dekana ng Kolehiyo ng Sining at Agham, sa walang sawang pagsuporta at pag apruba upang maisagawa ang pag-aaral na ito.

G. Alvin Alma Jose, Punong-Guro ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University, sa kanyang pag apruba at pagbibigay suporta sa aming isinagawang sarbey sa kanilang mag-aaral sa ika-apat na taon ng Mataas na Paaralan.

Mrs. Jo P. Descutido, Librarian ng Baliuag University, sa pag tulong sa paghahanap ng mga libro na may kaugnayan sa nasabing pag-aaral.

Sa mga **mag-aaral** na siyang nagsilbing respondente ng pag-aaral, para sa kanilang pagsagot sa mga inihangdang talatanungan upang makakalap ng sapat na impormasyon at datos.

Sa mga **kaibigan at kapamilya**, na nagsilbing inspirasyon at nagbigay ng suportang pinansyal upang maisakatuparan ang nasimulang gawain.

Higit sa lahat, ang **DIYOS** na nagbigay ng talino at lakas na nagsilbing gabay sa mga mananaliksik na huwag sumuko sa kabila ng hirap, pagod at kakulangan sa oras.

DEDIKASYON

Sa mga mag-aaral na nagsilbing respondent,
mga walang sawang sumuporta
at sa aming Dalubguro na tumulong sa aming mananaliksik na maisakatuparan ito
ang pag-aaral na ito ay para sainyo.

Aljerine D.C Pascua
Dianne Rae O. Manzon

Charis G. Macaraig
Jasmine Cayte C. Serrano

Caroline A.
Pineda

Carl Isaac M.
Fernando

TALAAN NG NILALAMAN

PAMAGAT	1
DAHON NG PAGPAPATIBAY	2
PASASALAMAT	3
DEDIKASYON	4
TALAAN NG MGA NILALAMAN	5

KABANATA

1	PANIMULA	6
	KALIGIRAN NG PAG-AARAL	7
	PAGPAPAHAYAG NG SULIRANIN	8
	KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL	9
	PARADAYM	10
	SAKLAW AT LIMITASYON	11
	DEPINISYON O TERMINOLOHIYA	11
2	PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL	
	MGA KAUGNAY NA LITERATURA	13
	MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL	17
3	PAMAMARAAN NG PAG-AARAL	21
4	PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS	24
5	LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDAYON	
	LAGOM	38
	KONKLUSYON	39
	REKOMENDASYON	40
	BIBLIYOGRAPI	41

MGA APENDIKS

LIHAM PAHINTULOT SA PAGSASAGAWA NG PAG-AARAL	43
TALATANUNGAN.....	44
CURRICULUM VITAE	47

KABANATA 1

PANIMULA

Bahagi na ng araw-araw na pamumuhay ng tao ang musika. Mula sa pagmulat ng mga mata ay nariyan ang musika. Sa pagtunog ng *alarm clock* upang tayo ay magising, sa pagkalasing ng mga kutsara't tinidor kapag tayo ay kumakain, sa pagpatak ng tubig kapag tayo ay naliligo, sa mga tunog na nagmumula sa mga *electronic devices* katulad ng: telebisyon, *cellphone*, radyo at iba pa, sa mga tunog ng sasakyan at busina ng mga ito, lahat ng mga ito ay bahagi ng musika.

Ang buhay ng tao ay parang musika na kahit gaano kasaya o kapait ang simula mayroon pa ring hangganan. Sa araw-araw na pamumuhay ay kaakibat na ng tao ang musika. Kahit ang iba't ibang bansa ay mayroong pambansang awit na isa uri rin ng musika. Kagaya na lamang ng mga Pilipino na sa tuwing maririnig ang Lupang Hinirang, kusang hihinto at kusa na rin mapapahawak ang kanang kamay sa kaliwang dibdib. Mayroong uri rin ng musika na kapag narinig ay tiyak na mapapaindak at mayroon ding musika na bigla na lang tayo mapapatahamik o mapapaiyak o makakalimutan ang bawat sandali dahil damang dama ang musika na pinapatugtog ng isang indibidwal.

Ang musika ay nagmula sa salitang Griyegong "mousike" na ang ibig sabihin sa Ingles ay "art of Muses" na kung saan ang *Muses* ay kinabibilangan ng mga dyosa ng musika, sining, tula at sayaw. Ang musika ay isang paraan upang maipahayag ang nararamdaman na kasiyahan, kalungkutan, pagsisisi, pagpupuri at pag-ibig. Naipapahayag ang mga damdaming ito sa pamamagitan ng pagsusulat, pag-aawit at pakikinig ng mga kanta. Sa pagsulat ng isang kanta, inilalapat ang isang sinulat na tula sa isang magandang ritmo. Sa pag-awit naman ng mga kanta

ay kinakailangan na damhin ng mang-aawit ang bawat kanta upang mas maramdaman at maunawaan ito ng mga taga-pagpakinig.

Ang mga halimbawa ng genre ng musika ay mga sumusunod: Rock, OPM, Electronic/Dance, Pop, Worship Song at iba pa. Masasabing malawakan ang pagkahilig ng maraming Pilipino sa musika. Mula sa nakaraan hanggang sa pangkasalukuyan ay patuloy ang interes at hilig ng mga Pilipino sa iba't ibang genre ng musika. Ang pakikinig ng musika ay isa ring paraan upang maipahayag ang damdamin o saloobin ng isang indibidwal. Marami ng mga makabagong paraan ng pakikinig ng musika dahil sa makabagong teknolohiya sa modernong panahon ngayon tulad ng pakikinig sa telebisyon, kompyuter, MP3, radyo, IPOD at maging sa *internet site* katulad ng Youtube. Ang buhay ng tao ay parang musika na patuloy na naririnig sa telebisyon, radyo, MP3 at iba pang makabagong teknolohiya. Ngunit ang buhay ay parang musika na kahit gaano katagal, kahit gaanong patuloy na pag-agos nito sa huli ay may hangganan pa rin.

Bilang miyembro ng makabagong panahon, nais ng mga mananaliksik na malamang kung ano ang epekto ng pakikinig ng musika sa mga kabataan upang mabigyan ng impormasyon ang mga mambabasa nito.

PANGKALAHATANG SULIRANIN

Nilalayon ng pag-aaral na ito na alamin ang Epekto ng Pakikinig ng Musika sa mga Mag-aaral sa Ika-Apat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University.

TIYAK NA SULIRANIN

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon batay sa:

1.1 kasarian;

1.2 edad;

2. Ano ang pinaka gustong dyanra ng mga kabataan?

3. Gaano kadalas makinig ng musika ang mga kabataan?

4. Anu-ano ang mga positibong epekto ng pakikinig ng musika sa mga kabataan?

4.1 pisikal

4.2 emosyonal

5. Anu-ano ang mga negatibong epekto ng pakikinig ng musika sa kabataan?

5.1 pisikal

5.2 emosyonal

KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Kapaki-pakinabang ang ginawang pag-aaral na ito sa mga sumusunod:

Sa mga **magulang** – makatutulong upang malaman ang mga dahilan ng kanilang mga anak sa pakikinig ng musika, partikular na ang mga pansariling dahilan, kung maari man at upang matukoy nila kung anu-ano ang nagiging impluwensya ng musika sa kanilang mga anak. Para narin mapatnubayan o magabayan ang kani-kanilang mga anak sa pagpili ng musika o sa mismong pakikinig ng iba't ibang klase ng musika.


Sa mga **kabataan** – magsisilbing paraan upang malaman ang iba't ibang uri ng musika at maikumpara ang kanilang mga kaibahan at para malaman kung anong musika ang naayon sa kani-kanilang edad at personalidad at ang huli, upang matukoy ang nagiging impluwensya ng musika sa kanila.

Sa mga **guro** – magkakaroon sila ng karagdagan koleksyon ng mga aralin o research. Maaaring magabayan rin nila ang mga kabataan o mag aaral ukol sa pagpili ng musika at iba't ibang uri nito.

Sa mga **kompositor sa hinaharap** – makatutulong ito sakanila na maging isang inspirasyon sa paggawa pa ng mga bagong kanta o musika at makagawa ng panibagong genre sa mga susunod pang henerasyon.

Sa mga **mananaliksik sa hinaharap** – magsisilbi itong reperensya o sanggunian na makakapagbiga ng karagdagang kaalaman kung sakaling sila'y nagbabalak na gumawa ng riserts na patungkol rin sa musika.

PARADAYM



Ang pananaliksik na ito ay mas lalong maipapaliwanag sa pamamagitan ng paradaym(input-process-output model).

Ang pamanahaong papel na ito ay tumutukoy sa epekto ng pakikinig ng musika ng mga mag-aaral na nasa ika-apat na taon ng mataas ng paaralan ng Baliuag University. Ipinapakita dito ang propayl ng mga tagatugon, pakikinig ng musika, mga iba't ibang klase ng dyanra tulad ng RNB, Pop Song, RNB, Rock, Electronic/Dance Song, ang positibo at negatibong epekto ng pakikinig ng musika ng iba't ibang uri ng dyanra.

SAKLAW AT LIMITASYON NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik na ito ay nagsimula noong Enero hanggang Marso ng Taong-Panuruan 2015. Ang mga talatanungan ay ipinamigay noong ika-3 ng Marso 2015 sa mga mag-aaral ng isang pangkat na nasa ika-apat na taon ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa mga nasabing tagatugon. Ito rin ay tumutukoy lamang sa epekto ng pakikinig ng musika sa mga mag-aaral sa ika-apat na taon ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University hindi kasama ang ibang mag-aaral na nasa ibang taon. Ang resulta ng pamanahong papel na ito ay solong pagmamay-ari lamang ng mga mananaliksik para sa asignaturang Filipino 200.

DEPENISYON NG MGA KATAWAGAN O TERMINOLOHIYA

Narito ang ilang mga katawagan na ginagamit sa pag-aaral na ito at ang kanilang mga kahulugan batay sa kung paano ito ginamit upang higit na maunawaan ang pag-aaral.

Musika – isang paraan kung saan naipararating ng isang indibidwal ang kanyang nararamdam sa pamamagitan ng tunog na kanyang naririnig o nabubuo.

Genre o Dyanra – kategorya ng sining, musika, o komposisyon ng mga sulatin na naglalarawan sa pamamagitan ng isang partikular na estilo o nilalaman.

Ritmo – isang element na bumubuo sa musika, ito ay isang tiyempo ng tugtog o nagsisilbing markahan ng sunuran ng malalakas at mahihinang mga element na bumubuo ng isang tunog.

Decibels – ito ang tawag sa sukatan kung gaano kahina o kalakas ang isang tunog.

Personalidad – ito ang mga katangian na maaaring makapagpakilala sa isang indibidwal batay sakanyang pinakikitang mga gawi.

Introverts – isang personalidad ng tao na siyang hindi marunong makihalubilo sa ibang tao, walang social life.

Cochlea – ito ay parte ng katawan na partikular na makikita sa loob ng tenga na maaaring masira kung ito’y aabusuhin sa mga malalakas na kanta sa loob ng matagal na pakikinig.

Extroverts – isang personalidad ng tao na may social life, mahilig gumimik, makihalubilo sa ibang tao.

Himig – isang elemento na bumubuo sa musika, ito ang tunog na iyong narinig mula sa radyo o paborito mong kanta na habang hindi pa gaanong pamilyar saiyo ay makakaya mo itong kantahin sa isip lamang.

Pitch – isang elemento na bumubuo sa musika, ito ang pagtaas o pagbaba ng himig ng musika.

Harmonya – isang elemento ng musika, ito ang pagsasama-sama ng nota na nakabubuo ng kaaya-ayang kombinasyon.

KABANATA 2

MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Sa bahaging ito ay naglalaman ng mga pag-aaral at mga literatura na naimbestigahan na ng mga naunang mananaliksik.

Naglalayon ito na makatulong sa mga bagong mananaliksik upang mas maging handa sa gagawing pag-aaral. Ito ay nakabatay sa balangkas ng mga kaalamang nakalap ng mga mananaliksik sa mga resulta ng dati nang nailahad sa pamamaraan ng pagbabasa ng mga iba't ibang artikulo, aklat, magasin na may kaugnayan sa pinaplanong pananaliksik.

Ayon sa aklat ni Rivadelo (1986) ang musika ay isang paraan upang maipahayag ang nararamdaman na kasayahan, kalungkutan, pagsisisi, pagpupuri at pag-ibig sa bayan o minamahal. Binubuo ito ng limang element: ang ritmo, himig, pitch, harmonya at interbal.

Ayon naman sa aklat na *Psychology of Moods* ni Clark, sinabi ni Cook (1981), ang musika ay may kakayahang makapagpabago ng kalooban, konsyus o hindi konsyus man ito. Sinabi rin niya, ang himig ay ang pinakakonsyus na elemento ng musika dahil nakakagawa ito ng konkretong modelo na nagdudulot sa tiga-pakinig na kumanta o mag hum ng isang musika at ito ay konektado sa sentro ng utak ng isang tao. Ang ritmo naman ang pinaka hindi konsyus na elemento ng musika, ito ang pangunahing dinamiko na nagiging daan upang makapagsagawa ng isang aksyon o kilos ang tiga-pakinig.

Sa panahon ngayon pag sinabing musika, hindi na lingid sa kaalaman ng isang indibidwal ang kahulugan nito at awtomatik na may pumapasok na sakanilang isipan katulad na lamang ng pag-isip sa mga paboritong mang-aawit, sa mga lihim na emosyong nararamdaman na ipinababatid na lamang gamit ang musika o kaya naman sa mga paboritong genre. Ayon sa Merriam Webster Dictionary, ang genre ay isang kategorya ng sining, musika, o komposisyon ng mga sulatin na naglalarawan sa pamamagitan ng isang partikular na estilo o nilalaman.

Ayon sa aklat ni Woods (2006) isa sa mga kategorya ng musika ay OPM, ito ay isinulat at inawit mismo ng mga Pilipinong mang-aawit at ito'y nagsimulang umusbong noon 1970 o 1980 hanggang sa kasalukuyan. Batay naman sa libro ni White (1988) madalas na ginagamit ang musika upang mapaglingkuran ang isang layunin o paniniwala ng kasamaan ngunit kung ito ay gagamitin sa tama, ito'y isang napakagandang regalo mula sa Maykapal na ginawa upang magbigay papuri sa Diyos at isang kategorya rin ito ng musika na tinatawag na Gospel o Worship Song na nagsimula noong 1950-1960. Binigyang kahulugan naman ng Encyclopedia, ang Rock na nagsimula noong 1950-1960, ito'y itinuturing na isa rin sa kategorya ng musika, binubuo ito ng mga amplified na instrumento lalo na ang de-kuryenteng gitara at kadalasang pasigaw ang pag kanta ng mga liriko nito at ang Pop naman ay umusbong noong 1950, ito ay maaaring maihalintulad sa Rock ngunit may higit na bilang ng ritmo at nakapokus ito sa romantikong pag-ibig. Mayroon rin tinatawag na Electronic/Dance Song, isang uri ng electronic na musika ngunit ito ay nakatuon sa musikang puwede isayaw na kadalasang maririnig sa mga nightclub o kapag mayroong pyesta, nagsimula itong makilala noong 1960. Binigyang kahulugan rin nito ang R&B o Rhythm and Blues na nakilala noong 1940-1950, isa rin itong kategorya ng musika na binubuo ng pinagsama-samang jazz, gospel at impluwensya ng blues.

Kung ang positibong epekto ng musika naman ang pag-uusapan, sa pisikal na paaran, binigyang kahulugan sa aklat ni Siy (2006) na mahilig sa awitin ang mga Pilipino anuman ang ating gawin sa araw-araw, may kaakibat itong awitin umaawit tayo upang aliwin ang sarili at upang mapawi ang hirap sa maghapon na gawain. Ang mga awit ay nabubuo mula sa iba't-ibang ordinaryong karanasan ng bawat tao at ang bawat musika ay may tiyak na pangyayaring pinaghuhugutan ng karanasan kaya nalikha ang mga letra nito. Sa paraang emosyonal naman, binigyang diin ng aklat nina Tom Cochrane et al., (2013) kung ang obligasyon ng doktor ay ipanumbalik ang harmoniya sa isang katawan ng taong may sakit at ang musika ay nakakaapekto sa diwa ng tao, ito ay nangangahulugan lamang na ang musika ay may kapangyahiran na makapagpagaling ng isang taong literal na may sakit, may dinaramdam na saya, lungkot, takot o hiya, may problema man sa buhay o buhay pag-ibig. Sinabi rin niya na nakakatulong ang musika sa mga kabataan na makontrol ang kanilang mga emosyon at matutunang pumili ng nararapat na kanta batay sa kanilang nararamdaman, na siya ring magsisilbing daan para maipabatid ng hindi berbal sa iba ang kanilang nararamdaman.

Sa kabilang banda, ayon sa artikulo ni Edberg (2009) na *How to Stop Procrastinating: 7 Timeless Tips*, isa sa pinaka problema ng tao ay ang ugaling pagpapabukas-bukas. Batid naman natin kung anu-ano ang ating gustong gawin at dapat gawin. Ngunit ito'y inilalaan pa sa ibang mas madaling gawain at para na rin matakasan ang mga gawain na dapat gawin sa pamamagitan ng panunuod sa telebisyon o pakikinig ng musika, ito ay maituturing na isa sa negatibong epekto ng musika.

Pagdating naman sa mga halimbawa ng musika na may iba't ibang genre. Kamakailan lamang ay may ginanap na patimpalak na may kaugnayan sa musika at ito'y kilala bilang Grammy Awards (2015) batay dito ay pinangaralan ang ilang mang-aawit at ilang musika noong 2014 na may iba't ibang genre, tulad nalang ng Ain't it Fun ng Paramore na nakakuha ng Best Rock Song 2014. Ayon naman sa (aceshowbiz.com, 2014) ang kantang Clarity ni Zedd ay napabilang sa nominasyon para sa *Billboard Music Awards* bilang Top Electronic/Dance Song. Gayundin, ang kantang All of Me ni John Legend ay napabilang sa nominasyon para sa Teen Choice Awards bilang Choice R&B/Hip-Hop Song at Choice Love Song noong 2014. Ayon naman sa (ncifm.com, 2015) ang album ng Magic! na may kantang Rude ay napabilang sa nominasyon para sa Juno Awards 2015 bilang Top Pop Album noong 2014.

Ayon sa aklat ni Egonsson (2012) na may pamagat na Preference and Information, karaniwan talagang nagbabago ang panlasa sa musika ng isang indibidwal kung sila'y nasa yugto na ng pagbibinata o pagdadalaga at maaari rin na ang pagbabagong ito ay magsisimula muna mula sa mababa hanggang sa tumaas na ang pamantayan. Nakasaad rin dito na may dalawang dahilan kung bakit nagsimula muna sa mababang pamantayan: Una, bilang bata hindi pa nila alam na may pagkakaiba-iba pala ang mga tunog na kanilang naririnig at habang sila ay nagkakaedad nalalaman nila na may kaibahan pala ang lahat ng yon na maikokonsidera rin na musika at kasabay nito, ang pag-unlad ng makabagong panahon sa mga instrumento na kinakailangan sa paggawa ng isang kanta. Pangalawa, dahil sila ay bata pa lamang karaniwang hindi pa sila nakakaranas ng matinding dramatical experience na maaaring makapagpabago sakanila. Sa madaling salita, kaya nagiiba ang panlasa natin sa musika ay dahil tayo'y

nakikisabay sa kung ano ang uso at ito rin ay maihahanay sa isa sa mga dahilan kung bakit nakikinig ng musika ang isang indibidwal.

Ayon naman sa aklat ni Gilkison (2014) na *How to Start a Hobby in Listening to Music*, ang pakikinig sa musika ay isang regular na aktibidad na maaari gawin para maglibang, karaniwang ginagawa ito kapag walang ginagawa o pinagkakaabalahan. Mayroon rin na ito talaga hilig at para lalong mahasa ito ay dapat makipag-ugnayan sa ibang tao na hilig rin ang pakikinig ng musika. Dito rin nagsisimula ang pagbuo ng pangarap na maging isang musikero sa pagdating ng tamang panahon.

Patunay na lamang ito na mayroong mga dahilan kung bakit nakikinig ng musika ang isang indibidwal, na mayroon rin pagkakaiba-iba ang mga musika sa Pilipinas impluwensya man ito ng ibang bansa o hindi, ang mahalaga ay bukas tayong mga Pilipino sa pagtangkilik nito.

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Ayon sa pag-aaral na ginawa ni Helsing (2012) ang araw-araw na pakikinig ng musika ay isang madali at epektibong paraan ng paghubog sa magandang katangian at kalusugan ng isang indibidwal dahil may kakayahan itong pumukaw ng positibong emosyon at sa gayong paraan ay nababawasan rin ang stress. Datapwat, hindi maaaring kahit anong genre na lamang ng musika ang dapat pakinggan dahil ang mga tugon ng musika ay naiimpluwensyuhan ng kagustuhan mismo ng isang indibidwal at mga sitwasyong kadahilanan.

Ayon sa ginawang pag-aaral nina Toney at Weaver (2006) nakita na ang mga lalaki ay higit na mas hilig ang mga Hard-Rock Music kumpara sa mga babae na ang hilig naman ay mga Soft-Rock Music. Natuklasan rin sa kanilang ginawang pag-aaral na ang mga batang babae ay mas gusto ang mga kantang may genre na Pop, Electronic/Dance, R&B Soul at Gospels kaysa sa mga lalaki na mas pabor sakanila ang mga kantang may genre na Rock. Napatunayan din nila na iba ang pananaw ng lalaki at babae pagdating sa musika. Halimbawa, kadalasan ang mga babae ay ginagamit ang musika upang malabanan ang kalungkutan, pampalipas oras, at makahalubilo sa ibang tao. Isa pang halimbawa, kung kakain sa labas ang isang babae at isang lalaki ng magkasama, mas naaattrak ang lalaki kung sasabihin ng babae na mas hilig niya ang musikang may genre na Classic at mas naattrak naman ang babae kung ang hilig na genre ng lalaki ay Heavy-Metal Rock.

Ayon sa ginawang pag-aaral ni Diamante (2008) na may pamagat na Attitude of Students na ang epekto ng musika ay nakikita sa kabuuang pagkatao ng isang bata. Ang maagang karanasan ng bata sa musika ay nakatutulong upang mahasa ang kanilang pisikal, emosyonal, paraan ng pananalita, pang-unawa, panlipunan at musikal na pag-unlad sa kabuuan. May kasabihan pa noon na "listening to Mozart makes you smarter" na nangangahulugang sanggol pa lamang ang bata ay kailangan napapaligiran na ito ng musika at ito ay ipinangalan sa isang sikolohistang si Wolfgang Amadeus Mozart.

Sa pag-aaral naman nina Lamont at Maton (2008) ang mga kabataan o mag-aaral na may edad na 5-11 taong gulang ay nagsisimula palang nila tuklasin kung paano sila makapagpapababatid ng kanilang nalalaman at nararamdaman. Sa edad naman na 11-14 taong

gulang, marapat na malaman na nila na maaaring magpabatid ng nararamdaman kahit na ito ay nasa hindi berbal na paraan, na siyang isa sa tungkulin ng musika. Huli, sa edad na 14-16 taong gulang, kinakailangan na alam nila kung anu-ano ang kinalaman ng musika sa critical thinking at ang kapasidad nito sa pagpapabatid ng mga nararamdaman ng isang tao at kung ano ang magiging positibo at negatibong epekto nito.

Isa sa tungkulin ng musika ay ang magturo para sa kinabukasan ng mga tagapakinig at gisingin sila sa kahalagahan nito. Ang pagpapahalaga ng musika ay may tiyak na kilos upang mas mahasa pa ang kanilang kaalaman.

Mula sa uses and gratification approach nina Rosengsren et al., (1985) na nagsilbing theoretical framework na nakatuon sa pagitan ng salik ng personalidad at kanilang panlasa sa musika, ipinahihiwatig ng approach na ito na may kanya-kanyang hilig tayo pagdating sa musika at nag-iwan ng isang linya na “how people intentionally participate and select media messages from communication alternatives... what people do with the media, instead of what the media do to people”. Mula sa linya ng pananaliksik na ito, lumilitaw na ang isang indibidwal ay mas gusto ang partikular na uri ng musika dahil mayroon silang partikular na mga katangian ng personalidad na natutugunan ng musika. Halimbawa ang mga extroverts, ang kanilang personalidad ay nakahiligang makihalubilo sa maraming tao, sila yung may social life at nakasanayang gumimik tuwing gabi, sila ay nababagay sa Party Music o mga Electro Dance Music. Samantalang ang mga introverts, sila yung mas gugustuhing manatili sa loob ng bahay, magkulong sa kwarto o magbasa ng libro buong araw, sila naman yung tipo ng tao na nababagay sa mga Classical Music o Acoustics o mga malulumanay na musika na kung saan sila ay

nakakapagrelaks, maikokonsidera ito bilang isa sa mga dahilan kung bakit tayo nakikinig ng musika.

Binigyang-diin naman sa pag-aaral ni Mahinay (2005) na may pamagat na *The Effects of Music*, napatunayan na isa ang mga mag-aaral sa higit na nakikinabang sa musika dahil ito ay nakapagbibigay-pansin ng kanilang nararamdamang pagod, nakatutulong sa kanilang paggawa at higit sa lahat ito ay nakakapagpagaan ng pakiramdam. Gayunman, sa pag-aaral na ginawa nina North et al., (2000) na may pamagat na *The Importance*, na isa sa mga gawaing nais ng mga kabataan ngayon ay ang pag-awit dahil sila ay nalilibang at nasisiyahan. Ayon rin kina Hallam at Godwin (2000) naman sa nasabing pamagat rin ng pag-aaral na ang musika ay wikang diretsong natatanggap ng ating kaluluwa, nagpapadala ito ng karanasan na nakapagbibigay sigla at lubos na nakakaimpluwensya sa sensitibo at emosyonal na bahagi ng tao.

Mayroon pang negatibong epekto ang pakikinig ng musika, ito ay natuklasan sa pag-aaral na ginawa ni Diamante (2008) na may pamagat na *Attitudes of Students*, ang pagiging malapit sa malakas na ingay ay maaaring makapinsala ng ating maliliit na buhok sa cochlea at humantong sa pansamantalang pagkasira ng ating pandinig. Kung patuloy itong gagawin, maaaring magdulot na ito ng permanenteng pagkasira ng ating pandinig. Halimbawa na lamang, ang *Amplified Rock Music* ay isang uri ng ingay mula 11-130 decibels, ito ay maaaring maging simula ng pagkasira ng ating pandinig pagkatapos ng 3:75-30 minuto na pakikinig kada araw.

KABANATA 3

METODOLOHIYA

Pamamaraan

Ang pamanahong papel na ito ay ginamitan ng *descriptib analysis*. Ang *descriptib analysis* ay isang pamamaraan na kung saan inilalatagang pangkasalukuyang pamantayan at kalagayan ng isang pamanahong papel (Garcia, Cruz, 2012). Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *convenient sampling* sa pagpili ng tagatugon kung saan isang seksyon lamang ang magsasagotng talatanungang inihanda ng mgamananaliksik. Ang *convenient sampling* isa sa madalas na ginagamit na paraan sa pangalawang lengwahe sa pag-aaral, ngunit ito ay *non-random sampling* na pamamaraan ay minsan nagkakaroon ng problema katulad ng hindi alam o kinikilalaang pagkakaiba ng *experiment at control group*. Ang kontribusyon ng pamamaraan na ito sa panahon ngayon sa paggamit ng iba'tibang *sampling* ay ang mataas na pagiging tama at eksaktong datos na iyong makukuha (Farrokhi, 2012).

Tagatugon

Ang tagatugon ay mula sa isang piling seksyon (IV-Excellence) na mayroong kabuuang 35 na mag-aaral ng Baliuag University High School na nasa ika-apat na taon sa sekondarya. Sila ay binubuo ng siyam na lalaki at dalawangpu't anim na babae. Sila ay opisyal na nakatala sa TaongPanuruang 2014-2015 ng Baliuag University High School. Ang mga tagatugon ay nasasaklawan ng edad mula 15 hanggang 16 taong gulang.

Talatanungan

Ang talatanungan ay binubuo ng sampung mga tanong na lalagyan lamang ng isang tsek ang patlang sa nais na isagot.

Mahalagang aspeto ang talatanungan sa kabuuan ng pamanahong papel na ito sapagkat ito ang nagsisilbing straktura ng buong pagsasaliksik na ito.

Pangongolekta ng Datos

Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham sa punong-guro na si G. Alvin Alma Jose ng Baliuag University High School upang mapahintulutan na magsagawa ng isang talatanungan sa isang napiling seksyon sa ika-apat na taon ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University. Ito ay binigyan pansin ng kanilang guro sa Filipino 200 na pahintulutan ng punong-guro ang mga mananaliksik na isagawa ang kanilang layunin.

Ang napiling seksyon ng mga mananaliksik ay ang IV-Excellence nasa ika-apat na Taon ng Mataas na Paaralan ng Baliuag University. Pinaliwanag din ng maayos ng mga mananaliksik kung tungkol saan at kung para saan ang nasabing talatanungan. Ang mga tagatugon ay nagsagot ng wasto sa bawat katanungan na nakalahad sa talatanungan. Pagkatapos masagutan ay maingat itong kinuha ng mga mananaliksik at magalang na nag-paalam sa guro at sa mga mag-aaral. Ito ay kanilang binilang, inusisa at inayos ang bawat datos at porsyento na kanilang nakalap.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Ang layunin ng pamanahong papel na ito ay malaman kung ano ang mga epekto ng pakikinig sa msuika ng mga mag-aaral na nasa ika-apat na taon sa mataas na paaralan ng Baliuag University.

Sa pag-aaral na ito, ang PERCENTAGE TECHNIQUE ay ginamit upang malaman ang mga porsyento ng mga tagatugon sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral. Ang pormula ay:

$$P = \frac{f}{N} \times 100$$

Kung saan:

P = Porsyento


f= Bilang ng respondente

N = kabuuang bilang ng tagatugon

KABANATA 4

Paglalahad, Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos.

Ang kabanatang ito ng sulating pananaliksik ay inilalahad ang mga nilikom na mga datos para sa pag-aaral, susundan ng mga pagtalakay, pagsusuri at binibigyan ng katumbas na interpretasyon.



Graph 1.


Propayl ng mga Tagatugon Batay sa Kasarian

Leyendarya:

Ang mga tagatugon ay mula sa isang seksyon sa ika-apat na taon sa sekondarya ng Baliuag University na binubuo ng 35 na mag-aaral na kung saan makikita sa Graph 1 na ang 74% ng populasyon ng mga tagatugon ay binubuo ng mga kababaihan samantalang ang 26 % naman ay binubuo ng mga kalalakihan.

Dito ay mabibigyang pansin na mas marami ang populasyon ng kababaihan sa populasyon ng kalalakihan na opisyal na nakatala sa Taong Panunuruang 2014-2015.

